INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# WIKA NATIN, PUSO NG BAYANIHAN

**ni: ROSECHELLE MARY E. DINO**

Sa bawat titik ng wikang mahal,
Damdamin natin ay nagkakamtal.
Ito'y tulay sa pagkakaunawaan,
Simbolo ng lahing may pagkakabigan.

Wikang Filipino, gabay ng bayan,
Sa bawat puso ay may kasaysayan.
Nagbibigkis sa bawat nilalang,
Dugtong ng lahi't iisang bituin.

Bayanihan sa wika'y isulong natin,
Sa salita't gawa, tayo'y magkapiling.
Tulong-tulong sa pag-unlad ng bansa,
Wikang mahal, ating sandata.

Sa pagbigkas ng katagang matuwid,
Lalakas loob ng pusong malinis.
Dahil sa wika, tayo'y nagigising,
Sa diwang makabayan at pag-ibig.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Wika'y liwanag sa dilim ng gabi,
Pag-asa sa pusong tila'y nanghihina.
Sa bawat tinig na may paggalang,
May pagkakaisa't tunay na lambing.

Kahit magkakaiba ang salita't kulay,
Wika ang tulay sa iisang buhay.
Pagkakaibang ating tinatanggap,
Ay sa pagkakaisa'y lumalagablab.

Sa paaralan man o sa tahanan,
Wika'y itaguyod sa puso't isipan.
Ito ang ugat ng ating kultura,
Yaman ng lahing may dangal at ganda.

Kaya't halina, ating ipagbunyi,
Ang wikang mahal, huwag iwaksi.
Bayanihan sa wika'y ating gawing gabay,
Tungo sa matibay na pagkakaisang tunay.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza